*School*: Elizabeth Seton School – Las Piñas
*Grade & Section*: 1
*Term/Quarter #*: 3rd Term
*Subject*: Makabansa
*Lesson/Title*: Kaalamang Pansining

Name: ______________________________ Date: ______________

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay mga tampok na estilo na kasama sa loob ng isang likhang sining. Ang mga ito ay tumutulong sa artist o manlilikha na makipagusap o maibigay ang kanyang mensahe.
    a. elemento ng sining (visual element of art)
    b. medium ng sining
    c. teknik sa pagguhit

2. Ito ay elemento ng sining na nabubuo sa pamamagitan ng pagdurugtong ng mga tuldok.
    a. hugis
    b. linya
    c. anyo

3. Ito ay elemento ng sining na nababalot ng mga linya upang ipahiwatig ang taas at lapad ng estruktura nito
    a. anyo
    b. value
    c. hugis

4. Ito ay elemento ng sining na 3D o tatlong dimensiyonal at nakapaloob sa espasyo.
    a. anyo
    b. value
    c. kulay

5. Ito ay elemento ng sining na tumutukoy sa liwanag o kadiliman ng isang kulay.
    a. kulay
    b. value
    c. tekstura


6. Ito ay elemento ng sining na resulta ng pagtugon ng ating mga mata sa iba't ibang haba ng daluyan ng ilaw na nagmumula sa isang bagay.
    a. tekstura
    b. espasyo
    c. kulay

7. Ito ay elemento ng sining na pangunahing umaapila sa pandama ng katangian ng anumang bagay. Ito ay maaaring makinis o magaspang, manipis, o makapal.
    a. tekstura
    b. espasyo
    c. linya

8. Ito ay elemento ng sining na tumutukoy sa kawalan ng laman o lugar sa pagitan, sa paligid, sa itaas, sa ibaba, o sa loob ng mga bagay.
    a. linya
    b. espasyo
    c. hugis

II. Panuto: Tukuyin at isulat ang pangalan ng elemento ng sining na inilalarawan sa bawat bilang. Piliin ang sagot mula sa kahon sa ibaba.

| | | | |
|---|---|---|---|
| linya | hugis | anyo | espasyo |
| tekstura | value | kulay | |

1.  ____________

2.  ____________

3.  ____________

4.  ____________

5.  ____________

6.  ____________

7.  ____________